# “Plano sa Pagtataguyod ng mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Prepektura ng Shiga” (Balangkas)

## ～ Nilalayon ang pagkakaroon ng isang Shiga na kung saan ang lahat ng mamamayan ay pinahahalagahan ～

### Unang kabanata: Rebisyon ng Plano

Batay sa mga “Alituntunin sa paglikha ng lipunang may paggalang sa karapatang pantao ng Shiga”, ay kasamang binuo ang “Mga pangunahing patakaran sa mga hakbangin sa karapatang pantao ng Shiga”, upang makamit ang pangkalahatang pagsulong ng mga patakaran sa karapatang pantao, batay sa “Plano sa pagtataguyod ng mga patakaran sa karapatang pantao ng Shiga”, na nagsakatuparan sa patakarang ito, sinisikap namin na mapaunlad ayon sa plano ang mga hakbangin sa karapatang pantao sa prepektura.

Sa pagtatapos ng plano, kasama ng mga naging resulta hanggang sa kasalukuyan, aming sinuri ang umiiral na mga plano upang tumugon sa mga pagbabago sa panlipunang sitwasyon at mapanatili ang mga batas at regulasyon.

Ang plano ay isasagawa mula sa taong 2016 hanggang 2025 (sa loob ng 10 taon).

### Ika-2 Kabanata: Pangunahing pananaw ng plano

**Lipunang nagpapahalaga sa buhay ng isang tao at maaaring makapamuhay nang tiwasay**

Nilalayong maipamana sa hinaharap na henerasyon ang isang lipunang may masaganang kalikasan at may paggalang sa karapatang pantao, kasabay ng pagsasakatuparan ng isang lipunang nagpapahalaga sa buhay ng tao, kung saan tayo ay makapamumuhay nang tiwasay at walang panganib sa pag-iisip, katawan at pamumuhay.

**Lipunang nagbibigay-halaga sa katangian ng bawat tao**

Nilalayon ang pagsasakatuparan ng isang lipunan na ang lahat ay itinatangi, kung saan maipapakita ng bawat mamamayan ang taglay niyang potensiyal at kakayahan, kasabay ng pagsasagawa ng isang lipunan na ang lahat ay makapamumuhay nang may layunin at may paggalang sa pagkakaroon ng pagkakaiba sa pagkatao ng bawat isa.

**Lipunang namumuhay nang magkakasama at kumikilala sa kaibahan ng bawat isa**

Nilalayon ang pagsasakatuparan ng isang lipunan na magkakasamang makapamumuhay ang lahat nang pantay-pantay, na kumikilala sa pagkakaiba-iba ng bawat tao, sa kabila ng pagkakaiba sa edad at kultura sa pamamagitan ng paggalang sa isa’t-isa, pagkakaunawaan at pagdadamayan.

**Lipunang may kooperasyon at nagtutulungan**

Sa pakikipagtulungan ng mga mamamayan ng prepektura, sari-saring mga organisasyon, kumpanya at ahensiya ng gobyerno, habang ginagamit ang kani-kanilang tungkulin at katangian, sisikapin ang pagsasakatuparan ng isang masaganang prepektura na kung saan iginagalang ang karapatang pantao, at isang lipunang may pagtutulungan at aktibo sa kanilang mga aktibidad.

## Ika-3 Kabanata: Pagtataguyod ng mga patakaran sa karapatang pantao

● Itataguyod ang administrasyon mula sa pananaw ng paggalang sa mga karapatang pantao sa lahat ng larangan.

● Para sa mabisang pagpapatupad ng mga patakaran sa karapatang pantao, ang mga kaugnay na organisasyon ay magtutulungan para sa malawakang pagtataguyod nito.

### 《I Pagtataguyod ng mga pangunahing patakaran》

**1 Pagpapaunlad ng kamalayan sa karapatang pantao - Pagtuturo / Kabatiran**

● Pauunlarin ang kamalayan sa karapatang pantao at kasabay nito ay palalalimin ang pang-unawa ukol sa mga pangunahing prinsipyo nito.

● Ipapakita ng bawat isa ang sariling kakayahan at mabubuo ang isang saloobin upang makamit ang kaganapan ng sariling potensiyal sa pamamagitan ng sariling pagsisikap.

● Kikilalanin ang iba't-ibang uri ng personalidad at prinsipyo na maaaring mag-isip at kumilos sa posisyon ng ibang tao.

● Lilikha ng isang kapaligiran para sa boluntaryong pag-aaral.

● Ang pagtuturo sa karapatang pantao ay aktibong isasagawa sa bawat tahanan, paaralan, at mga lokal na komunidad.

● Pagsisikapan upang ang kabatiran sa karapatang pantao ay ganap na mapabuti ang pagsasagawa sa iba't-ibang lugar at sa sari-saring pamamaraan.

**2 Lunas para sa mga paglabag sa karapatang pantao - Pagpapabuti ng pagsangguni / Sistema ng suporta.**

● Susuportahan ang pagtatatag at pamamahala ng isang malawakang sanggunian.

● Ganap na ipatutupad ang isang dalubhasang serbisyo ng pagsangguni.

● Pagsisikapan ang pagtutulungan ng mga ahensiya ng pagsangguni.

● Pagsisikapang maipabatid ang ukol sa serbisyo ng pagsangguni.

● Pagsisikapang mapabuti ang kalidad ng mga tagapayo at mapalakas ang organisasyon.

### 《II Pagtugon sa mga mahahalagang paksa》

#### 1 Ayon sa nasasaklaw

**1 Mga kababaihan**

● Pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa tahanan at rehiyon.

● Pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa larangan ng trabaho.

● Paggalang sa karapatang pantao ng mga kalalakihan at kababaihan at paggawa ng isang lipunan na kung saan maaaring makapamuhay nang tiwasay.

● Pagtataguyod ng mga komprehensibo at sistematikong kaugnay na mga hakbangin.

**2 Mga bata**

●Pagtataguyod ng isang kapaligiran sa lipunan kung saan ang mga bata ay nirerespeto.

●Pagtataguyod ng komprehensibong mga hakbang sa paghadlang sa pang-aabuso sa mga bata.

● Pagsuporta sa pagpapalaki ng bata at sa pagiging magulang sa buong lipunan.

● Pagtugon sa suliranin ukol sa hindi pagpasok sa paaralan.

● Pagtugon sa suliranin ukol sa "bullying".

● Pagtataguyod ng suporta sa mga pamilyang may nag-iisang magulang (single parent).

● Pagtataguyod ng mga hakbangin laban sa kahirapan ng mga bata.

● Pagtataguyod ng mga komprehensibo at sistematikong kaugnay na mga hakbangin.

3 **Mga matatanda**

- Pagtataguyod sa pagpapatuloy ng malusog na buhay at ang paglahok ng mga matatanda sa lipunan.
- Pagtataguyod sa kapakanang medikal at pangangalaga sa tahanan.
- Pagtataguyod sa pangangalagang sumasakop sa buong rehiyon.
- Pagtataguyod sa mga hakbangin laban sa pag-uulyanin.
- Paghadlang sa pang-aabuso at pagtatanggol sa karapatan ng matatanda.
- Pagtataguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin para sa matatanda.

4 **Mga taong may kapansanan**

- ”Mamuhay nang magkakasama”
- ”Matuto nang magkakasama”
- ”Maghanap-buhay nang magkakasama”
- ”Gumawa nang magkakasama”
- Gumawa ng komunidad na magkakasamang namumuhay

5 **Suliranin sa panlipunang diskriminasyon (“Dowa mondai”)**

- Pagtuturo at kabatiran tungo sa tamang pag-unawa at pagkilala sa suliranin sa panlipunang diskriminasyon at sa pagbuo ng saloobing may paggalang sa karapatang pantao.
- Suporta para sa pagpapaunlad ng komunidad at mamamayan.
- Pag-aalis sa mga palsipikado o huwad na Dowa.
- Pangkalahatang pagtataguyod sa pamamahala ng Dowa.

6 **Mga dayuhan**

- Suporta sa pagkakaunawaan sa pamamagitan ng pakikipag-komunikasyon.
- Suporta sa pamumuhay nang matiwasay.
- Paggawa ng isang aktibong komunidad na kung saan magkasamang namumuhay ang mga taong may iba’t-ibang kultura.
- Pagtataguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin sa magkasamang pamumuhay ng mga taong may iba’t-ibang kultura.

7 **Mga pasyente**

- Pagpapanatili sa sistema ng pagkakaloob ng kapakanang medikal.
- Pagkakaloob ng ligtas at maaasahang serbisyo sa kapakanang medikal.
- Pagpapalaganap ng wastong kaalaman sa publiko, atbp.
- Pagpapabuti ng suporta sa mga pasyenteng may sakit na walang lunas.
- Pagtataguyod ng mga komprehensibong hakbangin sa kalusugan, pagpapagamot na medikal, at kapakanan ng tao (welfare).

8 **Mga biktima ng krimen, atbp.**

- Suporta sa pagbalik sa mapayapang pang-araw-araw na pamumuhay.
- Paggawa ng isang lipunan na sumusuporta sa mga biktima ng krimen, at iba pa.
- Pagtatakda ng sistema para sa pagtataguyod ng mga hakbangin ukol rito.

### ９ Iba pa

- Mga taong walang sariling tahanan (“homeless”).
- Mga taong tapos na ang sentensiya at mga pansamantalang nakalalaya sa kulungan, atbp.
- Mga taong mayroong gender identity disorder (mga GLBT), mga homosexual, atbp.
- Mga katutubo ng Ainu.
- Mga biktima ng pagdukot (“abduction”).

## ２ Iba pa

### １ Pangangalaga sa mga personal na impormasyon

- Kabatiran ukol sa sistema ng pangangalaga sa personal na mga impormasyon.
- Pagtugon sa pagsangguni ng mga reklamo ukol sa personal na mga impormasyon.

### ２ Paglabag sa karapatang pantao sa internet

- Pagtuturo at kabatiran para sa pag-iwas sa paglabag sa karapatang pantao sa internet.
- Pagtugon sa suliranin sa pagsusulat nang may diskriminasyon at“bullying” sa internet.
- Pagtataguyod sa mga isinasagawang gawain sa pakikipagtulungan ng mga kaanib na ahensiya at mga samahan.

### ３ Pagsasalitang naghahayag ng pagkasuklam (“Hate speech”)

- Pagtitipon at kabatiran ng mga impormasyon.

### ４ Suliranin sa karapatang pantao sa oras ng kalamidad

- Pagpapatibay ng sistema ng suporta sa paglikas (evacuation) ng mga taong nangangailangan nito.
- Pagtataguyod sa pampublikong impormasyon at kabatiran.
- Pagtataguyod ng mga komprehensibo at sistematikong kaugnay na mga hakbangin.

## Ika-4 Kabanata: Sistema ng pagtataguyod

１. Pagsisikapan ang pagtataguyod ng komprehensibo at mabisang mga hakbangin sa karapatang pantao, habang tinitiyak ang pakikipagtulungan at kooperasyon ng mga kaugnay na mga departamento na nakasentro sa punong-tanggapan sa Pagtataguyod ng mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Prepektura ng Shiga.

２. Para sa mga manggagawa na may malalim na kinalaman sa karapatang pantao, bibigyan ng suporta ang mga pagsasanay at pagbibigay ng mga impormasyon ukol rito.
(empleyado ng gobyerno, tagapagturo sa paaralan, tagapagturo sa lipunan, medical personnel, welfare workers, bumbero, pulisya, mga may kinalaman sa mass media)

３. Ang bansa, mga munisipyo, NPO, atbp. ay makikipagtulungan sa bawat isa at ipapagpatuloy ang komprehensibong mga gawain, habang ginagampanan ang kani-kanilang tungkulin.

**Civil Liberties Promotion Division**
**Department of Policy Planning and Coordination, Shiga Prefecture**
4-1-1 Kyo-machi, Otsu City, Shiga Prefecture 〒520-8577
TEL：077-528-3533 FAX：077-528-4852
e-mail： cf00@pref.lg.jp URL: http://www.pref.shiga.lg.jp/c/jinken/